

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: *Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portugal, Tagalog, at madaling Hapon*
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp

Ika-20 Tumatangap ng aplikasyon para sa Paligsahan ng pagtatalumpati ng wikang Hapon para sa mga dayuhang mamamayan ! !

“Panahon ng pagtanggap ng aplikasyon” ay hanggang ika-24 ng Enero, 2014 (Biyernes)

Tumatanggap ng aplikasyon ng mga dayuhang mamamayan na nais sumali sa paligsahan,

Mayroon pong exchange meeting para sa mga guest at kasali ng paligsahan pagkatapos ng paligsahan.

[Araw at Oras] Ika-15 ng Pebrero (Sabado), 2014 13:00~

[Lugar] Kawasaki International Center • Hall (Paligsahan) at reception room (Exchange meeting) .

[kwalipilasyon ng kasali] Mga dayuhan na naninirahan sa bansang Hapon sa loob ng 5 taon na hindi wikang Hapon ang sariling wika at naaangkop sa mga sumusunod.

- ① Mga nag-aaral sa mga unibersidad o professional college sa loob ng Kawasaki City
- ② Ang mga nag-aaral ng wikang Hapon sa loob ng Kawasaki City tulad ng Shimin-kan atbp
- ③ Ang mga nagtatrabaho sa kumpanya o opisina na nasa loob ng Kawasaki City.

Kailangan ang rekomendasyon mula sa principal ng paaralan para sa ① at ②, at para sa mga naaangkop sa ③, kailangan ng rekomendasyon mula sa supebisor sa kanilang kinabibilangan.

***Para sa mga higit pang detalye, mangyaring makipag-ugnay lamang sa Kawasaki International Association.**



Winter Gathering!

Makabuo tayo para sa multi-kulturang gathering!

[Araw at Oras] 2013年12月14日 (Sabado) 13:00~16:00 **[Lugar]** Kawasaki International Center • Hall

[Kapasidad] 100 katao

[Passport ticket] 500yen (Junior high school students at pataas)

Naging mas maaga na ang pagsisimula ng aplikasyon !

※Libre lamang para sa mga elementary student at mas bata. Sumali lamang kasama ang matanda.

Aplikasyon: Ika-15 ng Nobyembre (Biyernes), gamit ang Tel, Fax, o pagbisita sa center.

Mangyaring bumili ng passport ticket sa mismong araw ng gathering

(Magsisimula ang pagbebenta ng passport ticket mula sa 12:30 ng mismong araw.

[Nilalaman] ◆ Opening pagtugtog ng folklore sa South America

- ◆ Unang bahagi Lektura Siguradong darating ang magandang araw kung buhay ka lang
- ◆ Ikalawang bahagi Award Ceremony ng photo contest “mga nakukuha sa karanasan ng pagpapalit ng kultura”
- ◆ Ikatlong bahagi Kulturang mundo “mga tsaa at miryenda ng mundo” atbp

[Katanungan] [Kawasaki International Association](http://www.kian.or.jp/) Tel: 044-435-7000



Tungkol sa mga serbisyo ng city hall at ward office sa katapusan at bagong taon

○ Ang karaniwang serbisyo ng city hall at mga ward office ay matatapos sa ika-28 ng Disyembre (Sabado) at mag-uumpisa muli mula ika-4 ng Enero (Sabado)

○ Gayundin ang mga administrative Service Terminals na nasa ward office, branch office, communication office, at Gyosei service corner.

○ Habang sa panahon ng sarado ang mga opisina na mula ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero, maaaring tanggapin ang mga dokumentong nauukol sa family register sa security office ng mga ward office.

○ Ang mga konsultasyon at reporting tungkol sa abuso sa bata ay tinatangap nang 24 oras/365 araw

Child Abuse Prevention Center: 0120-874-124



Mga Holiday Emergency Clinic at Pediatric Emergency Medical Center

Maaaring magpatingin at magpagamot sa mga "Emergency Clinic" kapag nagkaroon ng biglaang lagnat sa araw ng holiday.

【Uri ng pagamutan】 **Internal medicine at Pediatrics**

【Araw ng serbisyo】 Linggo, Holiday at **mula ika-30 ng Disyembre (Lunes) hanggang ika-4 ng Enero**

【Oras ng pagtanggap】9:00~11:30 13:00~16:00

【Mga kontak ng mga Holiday Emergency Clinic at Pediatric Emergency Medical Center】

★ Mangyaring tumawag muna bago pumunta upang kumpirmahin ang oras ng pagtanggap at iba pa.



•South Pediatric Emergency Medical Center (sa loob ng Kawasaki hospital)	044-233-5521	24 oras kapag Sabado Lunes at Holiday Karaniwang araw 17:00~8:30
•Kawasaki Holiday Emergency Clinic	044-211-6555	
•Saiwai Holiday Emergency Clinic	044-555-0885	
•Nakahara Holiday Emergency Clinic	044-722-7870	
•Takatsu Holiday Emergency Clinic	044-811-9300	
•Miyamae Holiday Emergency Clinic	044-853-2133	
•Tama Holiday and Night Emergency Clinic •North Pediatric Emergency Medical Center	044-933-1120	Araw araw tumatanggap ng pasyente sa 18:30~22:30(Internal Medicine) 18:30~5:30(Pediatrics)
•Asao Holiday Emergency Clinic	044-966-2133	

Emergency Medical Information Center(24oras, maliban sa impormasyon ukol sa dentist, at medikal na konsultasyon) ☎ 044-222-1919

Tungkol sa "pangongolekta ng basura sa katapusan at bagong taon"

Mangyaring kumpirmahin ang iskedyul sa inyong lugar at mag-ingat sa araw ng pangongolekta.

※ Para sa malalaking basura **kailangang mag-aplay bago ipakolekta.**

Centro ng pagtanggap ng aplikasyon para sa pangongolekta ng malalaking basura : 0 4 4 - 9 3 0 - 5 3 0 0

【Oras ng pagtanggap】mula 8:00 hanggang 16:30

• **Aplikasyon mula sa homepage ng Kawasaki sity sa pamamagitan ng internet** → maaaring tumanggap ng aplikasyon ng 24 oras 365 araw

Para sa mga paraan ng pagtatapon ng basura, mangyaring basahin lamang ang pamphlet ng "Paraan ng pagtatapon at paghihiwalay ng mga basura at mga gamit na pang-recycle" !!

○Maaaring kunin ang pamphlet sa mga ward office, International Center, atbp.

○Mayroong mga nakasulat sa wikang Hapon na may Furigana, Ingles, Tsino, Koreano, Tagalog, Portuges, at Espayol.



Paalala ukol sa Fire Drill Kasama ng mga dayuhang mamamayan na gaganapin sa Kawasaki International Center

Araw ng Kaganapan Ika-21 ng Pebrero, 2014(Biyernes)

Maaaring maranasan din ang earthquake drill truck at paggamit ng AED. Libreng pagsali. Mangyaring bumisita lamang din ang mga malapit ang tirahan sa lugar o center.



Kurso ng wikang Hapon para sa mga dayuhan Ika-3 ng semestre

Pang-umagang kurso : Mula ika-10 ng Enero, 2014 (Biyernes) (17 beses)
(Tuwing Martes • Biyernes) 9:50~11:50

Panggabing kurso : Mula ika-15 ng Enero, 2014 (Miyerkoles) (9 beses)
(Tuwing Miyerkoles) 18:30~20:30

【Tuition】 Pang-umaga 8,500yen Pang-gabi 4,500yen

【Lugar】 Kawasaki International Center • Conference room

- ☆ Mayroong level check exam para sa mga nakakabasa ng Hiragana at Katakana
- ☆ Bukod sa tuition kailangang magbayad ng material fee.
- ☆ Mag-aplay lamang sa pamamagitan ng telepono, FAX, E-mail o pagbisita sa International Center



Exchange meeting! Subukan magluto ng lutong bahay ng Vietnam!

Pebrero 1, 2014 (Sabado) 11:00-14:00

【Lugar】 Kawasaki International Center / Cooking room

【Kapasidad】 20 katao

(Maaaring magkaroon ng pagpipili kapag maraming aplikante)

【Halaga】 1,500yen (magbayad lamang sa mismong araw.)

※ Mayroon paalagaan ng bata (hanggang 5 katao)

【Paano mag-aplay】 Mag-aplay gamit ang return postcard.

Maaaring mag-aplay hanggang 2 katao sa isang postcard



1. Pangalan ng lektura “lutong bahay ng Vietnam”
2. Pangalan ng aplikante (kung dalawa ang aplikante isulat ang dalawang pangalan.
3. Address
4. Contact number

【Aplikasyon】 mula ika-10 ng Enero (Biyernes) dapat nakarating ang postcard hanggang ika-24 (Biyernes)

※ Para sa mga detalye, sumangguni lamang sa mga flyers, HP o makipag-ugnay sa Kawasaki International Association.

Pagtanggap ng aplikasyon ng ika-10 kinatawan para sa asembliya ng mga representatibo ng mga dayuhan sa Kawasaki City

Kuwalipikasyon; ① Mga walang Japanese Citizenship

② Mga patuloy na nakarehistro bilang mamamayan ng Kawasaki ng higit sa isang taon sa Abril 1, 2014.

③ Mga may edad na 18 at pataas sa Abril 1, 2014.

Panahon ng pamamahala: Mula Abril 1, 2014 hanggang Marso 31, 2016.

Mga pagpupulong ay gaganapin sa mga hapon ng Linggo nang 8 beses sa isang taon. Ang salitang gagamitin sa pagpupulong ay wikang Hapon lamang. Ang mga handout ay nakasulat sa wikang Hapon na may Furigana

Paraan ng pag-aplay: Isulat ang kinakailangang impormasyon sa aplikasyon form at ipadala sa koreo hanggang sa ika-13 ng Disyembre (maaaring tanggapin ang aplikasyon na may tatak sa araw na ito) **sa Kawasaki City**

Hall, Shimin Kodomo kyoku Jinken Danjo Kyodo Sankaku Shitsu Tel: 044-200-2359

Fax: 044-200-3914

Paraan ng pag-iwas sa trangkaso

◎Maghugas ng kamay at magmumog agad kapag umuwi mula sa labas.	◎ Iwasang lumapit sa lugar na marami ang tao	◎Matulog ng mabuti
◎Magsuot ng mask kapag pumupunta sa lugar na marami ang tao.	◎Palitan ng madalas ang hangin sa kuwarto.	◎Panatilihin ang maayos na asal kapag umuubo at nagbabahing
◎Panatilihin ang tamang humidity sa kuwarto(Mga 50%~60%)	◎Magpabakuna	◎ Pataasin ang immunity (kaligtasan sa sakit) gamit ang pagkain na balance ang nutrisyon.

Paraan ng pag-iwas sa Noro Virus

◎Maghugas ng kamay
◎Lutuing mabuti hanggang sa gitna ng pagkain(Mawawala ang virus kung patuloy itong painitin ng higit sa isang minuto sa 85°C)
◎Kung kinakailangan, isterilisahin ang gamit pangluto na gamit ang chlorine bleach pagkatapos magluto.
◎Mag-suot ang mask at gloves kapag maglilinis ng isinuka atbp.

Para sa mga katanungan tungkol sa pag-iiwas ng impeksyon : Kenko Fukushimayoku Kenko Anzen Shitsu
Tel: 0 4 4 - 2 0 0 - 2 4 4 1 Fax: 0 4 4 - 2 0 0 - 3 9 2 8

Pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Center

Kung may problema kayo o kung mayroon kayong gustong tanungin, maaari kayong kumonsulta dito. (Libre)

•Oras ng pagpapayo (10:00-12:00 13:00-16:00) Telepono 044-435-7000

Wika	Araw
Ingles	Lunes~Sabado
Portuges	Martes•Biyernes
Koreano	Martes•Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes•Miyerkoles•Biyernes
Espanyol	Martes•Miyerkoles
Tagalog	Martes•Miyerkoles



* •Kawasaki Ward Office Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan •Aasao Ward Office Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at ikatlong Huwebes	14:00-16:30
Intsik	Una at ikatlong Martes	14:00-16:30
Tagalog	Una at ikatlong Martes	9:30-12:00

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at ikatlong Huwebes	9:30-12:00
Intsik	Una at ikatlong Martes	9:30-12:00
Tagalog	Una at ikatlong Miyerkoles	14:00-16:30

Libreng konsultasyon sa Gyosei syoshi (wikang Hapon) Saan: International Center 2F conference room

•Araw at oras: **Ika-15 ng Disyembre at Ika-19 ng Enero, Linggo 14:00-16:00** (Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter service)

Paalala tungkol sa araw na sarado ang Kawasaki International Center sa katapusan at bagong taon

•Sarado ang Center mula Ika-29 ng Disyembre, 2013 (Linggo) hanggang Ika-3 ng Enero, 2014 (Huwebes)

(Hindi magsasara ang Hotel. Ang restawran ay maaaring gamitin ng mga hotel guest lamang)

•Magbubukas muli mula sa Ika-4 ng Enero (Sabado) sa bagong taon. Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon
Para sa inyong lahat.